# QC pinarangalan ng Seal of Excellence ang 55 lying-in clinics

Limampu't limang (55) lying-in clinics ang pinagkalooban ng Quezon City Government at ng Quezon City Health Department ng Seal of Excellence Award sa pagiging fully compliant ng mga ito sa mga standards ng Department of Health (DoH) at pati na rin sa mga requirements ng local government para sa mga health facilities na nagbibigay ng serbisyong maternal and child health.

Ang pagkakaloob ng Seal of Excellence sa mga compliant lying-ins at birthing clinics ay nagsimula bilang implementasyon ng isang city ordinance para mapababa ang mga insidente ng maternal mortality o pagkamatay sa panganganak ng mga nanay at ng kanilang sanggol.

Si Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mismong namahagi ng Seal of Excellence plaque sa mga awardees. Aniya ang award ay nagpo-promote ng "healthy competition, innovation, and culture of excellence". Kaya naman, dahil sa taunang parangal, maraming clinics ang mas inayos pa ang kanilang mga serbisyo at pinursiging maging kwalipikado, mula 23 porsyentong compliance nang ito ay mailunsad noong 2016, ngayong taon (2019), 63 porsyento na ang compliant o 55 clinics mula sa 80-plus na clinics sa buong syudad.

Hinamon ni Mayor Belmonte ang mga clinics at iba pang organisasyon na bahagi ng pagpaparangal na gawing 100 porsyento ang compliance rate sa susunod na taon. At kapag nagawa ito ay ilalaban ng Quezon City ang Seal of Excellence bilang entry sa Galing Pook Award, na kumpetisyon na kumikilala sa mga best practices ng mga LGUs sa buong bansa.

Ang Unilab, Inc. na nangungunang pharmaceutical at healthcare company sa bansa ang matagal ng katuwang ng Quezon City government at mga clinics para matupad ang hangarin ng Seal of Excellence awards. "Sa loob ng mahigit isang dekada, kami ay nakikipagtulungan sa Quezon City Health Department upang maisulong ang pagpapataas ng antas ng serbisyong medical para sa mga nanay at kanilang mga supling." sabi ni Claire Papa, Head ng External Affairs at Social Partnerships Division ng Unilab. "Ang Seal of Excellence ay bahagi ng pangmatagalan naming pagsuporta sa usaping Maternal and Child Health."



***Pinangunahan ni Quezon City Mayor Joy Belmonte (gitna) ang pagkilala sa 55 private lying-ins sa lungsod sa katatapos na 4th Seal of Excellence Awards. Nasa larawan din sina (buhat kaliwa) Dr. Mary Rochelle Paulino OIC, Family Planning Division, City MNCHN Coordinator; Dr. Esperanza Arias, OIC, City Health Department Head; Mayor Joy; Claire D. Papa, Head ng External Affairs at Social Partnership ng Unilab at Lilian Borlagdan, OIC, Chief Supervisor.***